

Proyekto sa Pagpapaunlad ng Kalidad ng Tubig ng Longfellow Creek



Seattle
Public
Utilities

Maging Bahagi ng Proyekto!

Pangkalahatang-ideya ng Proyekto

Bilang mga tagapangalaga ng kalusugan ng tubig sa Seattle, nagtatrabaho ang Seattle Public Utilities (Mga Pamublikong Utilidad ng Seattle) para sa pangmatagalang pagpapalano para maunawaan ang mga isyu sa ating mga sistema ng alkantariya (sewer) at drenahe (drainage) at nakikipagtulungan sa komunidad upang magplano para sa mga puhunang iyon. Pinoprotektahan ng mga pagpapabuting iyon ang kalusugan ng publiko at ng Longfellow Creek. Nagbibigay-daan ang pagsasaayos ng ating mga tubo at pagtataguyod ng mga makakalikasang solusyon upang linisin at pabagalin ang tubig bago nito marating ang Longfellow Creek.

Gustong maunawaan ng SPU ang mga pangarap ng iyong komunidad para sa mas maayos na mga kalsada, parke, at espasyo sa komunidad. Gusto rin naming matutunan kung paano masusuportahan ng aming trabaho ang mga lokal na negosyo at mapapabuti ang kaligtasan ng publiko. Gusto naming masulit ang mga pondong aming ginagastos para sa mga proyekto para sa alkantariya at drenahe sa iyong kapitbahayan at kailangan namin ang iyong tulong upang buuin ang planong iyon at ang mga pakikipagsosyo. Bakit? Mas malayo ang nararating ng mga pondo ng SPU dahil sa mga pakikipagsosyo kapag ginagamit namin ang parehong espasyo para sa dalawa o higit pang gamit.


Sumali sa Pangkat ng Inobasyon

Bumubuo kami ng Pangkat ng Inobasyon na binubuo ng siyam na binabayaranang manlilikha sa komunidad, na sumasalamin sa pagkakaiba-iba sa South Delridge. Ang Pangkat ng Inobasyon ay gagabay at makikipagtulungan sa Pangkat ng Proyekto. Dadalo ang mga miyembro ng pangkat sa hanggang 8 pagpupulong na magtatagal ng 2 oras kada beses, sa paparating na taglamig at sa susunod na tagsibol. Tutulungan kami ng Pangkat ng Inobasyon na:

- Gumawa ng mga makabagong solusyon upang maabot ang mga layunin ng komunidad
- Bumuo ng mga ugnayan at pakikipagsosyo sa komunidad
- Maunawaan ang mga panganib kapag nagpapasiya kung saan mamumuhunan

Narito ang ilang halimbawa ng mga taong hinahanap namin:

- High school na estudyante na nakikibahagi sa disenyo, tula, paggawa ng pelikula, o engineering
- Indibidwal na Ingles ang ikalawang wika
- Indibidwal na nangunguna sa isang impormal na grupo tulad ng grupo ng kababaihan, soccer team, o club sa pagbabasa ng libro
- Taong bumubuo ng mga bagay o tumutulong mag-organisa ng mga aktibidad sa kapitbahayan



Tula mula sa Delridge Day Event

Mga Benepisyo

Bilang miyembro ng Pangkat ng Inobasyon, ikaw ay:

- Makakabuo ng mga kasanayan sa pamumuno at makakatanggap ng mga pagsasanay
- Direktang magtatrabaho kasama ng mga designer at engineer upang lumutas ng mga problema
- Makakakilala ng mga aktibong miyembro sa komunidad
- Makakatanggap ng suporta sa wika
- Magkakaroon ng access sa mga materyales ng proyekto at mapagkukunan para sa iyong network
- Makakatanggap ng tulong na salapi para sa pagdalo sa pagpupulong

Isa ka bang indibidwal na matinding nagmamalasakit sa iyong komunidad?

Maaring isa kang mainam na kandidato para sa aming pangkat!

Paano mag-apply?


Mag-apply online:

www.seattle.gov/utilities/environment-and-conservation/projects/longfellow-creek-water-quality/

O magpa-iskedyul ng oras para mag-apply sa pamamagitan ng telepono: I-dial ang (206) 767-0432 at pagkatapos ay pindutin ang 1017

Ang takdang petsa para mag-apply ay sa **17 ng Nobyembre, 2019**, kaya mag-apply na ngayon!

Mapa ng Pinag-aaralang Lugar ng Proyekto



Contact para sa Proyekto

Brent Robinson, Tagapamahala ng Programang CSO Retrofits

Brent.Robinson@seattle.gov | (206) 684-7876

www.seattle.gov/utilities/environment-and-conservation/projects/longfellow-creek-water-quality/